

Ang Banal na Búhay at ang Karima-rimarim: Pagtawid sa Sagrado at Di-Banal ng Materyalidad ng Katawan sa Isang Vidang Bikol

SHAUNNAH YSABEL CLEDERA
svcledera@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

ABSTRAK

Kapansin-pansin ang kawalan ng pananaliksik sa isinaromansang banal na búhay o koridong vida sa kabila ng espasyong inookupa nitó sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas. Madaling maisantabi ang halaga nitó sa kasaysayang pampanitikan dahil sa pananaw na ginamit lámang ito bílang kasangkapan ng kolonyal at relihiyosong propaganda, lalo pa't pawang mga Europeong tauhan at tagpuan ang tampok sa mga ito. May pananaw rin na hindi mahalaga sa panitikan ang koridong vida dahil sa paggamit nitó ng mga anakronismo't kalabisan. Ngunit katangi-tangi ang koridong vida dahil nag-iisa itong panitikang sekular na nanatiling popular sa iba't ibang wika ng kapuluan kahit matapos na umalis ang mga mananakop na Kastila't Americano. Naging posible ang ganitong popularidad ng koridong vida dahil sa magkapanabay na sirkulasyon nitó sa parehong anyong limbag at binibigkas. Mababakás din ang pag-unlad nitó mula sa mga pook na pinaglahuan ng epiko at ang kinahantungan nitó sa realismo ng nobelang Filipino.

Sinusuri ang *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Aquí nin Magna Para-Asin*, isang koridong Bikol mula sa artsibo ng Museo Historico de Universidad de Santa Isabel ng Camarines Sur, upang maghain ng lápit sa koridong banal na búhay bílang panitikang búnga ng palítan ng mánanákop at katutubo, limbag at binibigkas, at sekular at relihiyoso-didaktiko. Tumututok ang papel sa mga pormulang leksikal at gramatikal, taludturan, at ang sentral na motif ng katawang karima-rimarim o “grotesque body” at kung paano ng mga ito naisasaestruktura ang akda bílang popular na panitikan, artifact na sosyohistorikal, at paksain ng pananaliksik na nagbubukás ng mga ugnayan ng panitikan ng Pilipinas sa medyibal na tradisyon ng hagygropiya sa labas ng Pilipinas.

Mga susing salita: korido, vida, grotesque body, hagygropiya, saliksik-artsibo

ABSTRACT

There is a glaring lack of study on the *vida* or the saint's life rewritten as metrical romance despite the significant space it occupies in Philippine literary history. Its literary historical value is easily dismissed because of the impression that it merely served as instruments of colonial and religious propaganda, especially because it featured European characters and settings. Likewise, there is a perception that the koridong *vida* is inferior because of its prominent use of anachronisms and exaggerations. But the koridong *vida* is noteworthy as the only secular literature that retained popularity in different languages in the archipelago even after the Spanish and American colonizers fled. This popularity was possible through its circulation in both print and oral forms. Its development can also be traced from the places where the epic has disappeared, and to how it has developed into the realism of the Philippine novel.



This paper analyzes *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Aquí nin Magna Para-Asin*, a Bikol korido from the archive of Museo Historico de Universidad de Santa Isabel in Camarines Sur, to offer an approach to the korido of the life of a saint as a literature borne out of the exchange of colonizer and native, print and oral, secular and religious-didactic. This paper focuses on lexical and grammatical formulae, versification, and the use of the central motif of the grotesque body, and how it structures the text as popular literature, sociohistorical artifact, and subject of academic study that opens a connection between the study of Philippine literature to medieval hagiographic tradition outside the country.

Katangi-tangi ang korido o metrical romance sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas: samantálang may malaking bilang ng koridong naitalá sa iba't ibang wika sa kapuluan sa loob ng higit dalawang siglo (Manuel, 46–7), may malaking kakulangan sa pag-aaral na nakatuon dito kompara sa ibang mga panitikang popular at mga panitikang binibigkas. Higit pa rito ang pagsasantabi sa mga koridong banal na búhay, o isinaromansang búhay ng mga santo at banal na tao, bilang akademikong paksain, lalo pa sa larang ng pampanitikang pananaliksik. Ang mga tinatawag na *vida*, *buhay*, *casaysayan*, o *pinagdaanan* ng mga santo at banal na tao ay bumubuo ng makabuluhang bahagi ng maliit na korpus ng mga koridong nailigtas ng mga antolohiya't artsibo ngunit madaling maisantabi ang mga ito bilang kasangkapan lámang ng kolonyal at relihiyosong propaganda. Layunin ng papel na ito na maghain ng lápit para sa kritikal na pagbalik sa korido, partikular na sa koridong *vida*, upang ipakita ang kahalagahan nitó bilang panitikang búnga ng palitan ng mánanákop at katutubo, limbag at binibigkas, at sekular at relihiyoso-didaktiko. Ang papel na ito ay paunang pananaliksik sa *vida* bilang isinaromansang hagiyograpiya na may batis sa mediyibal na hagiyograpiya ng Europa. Lumitaw ang korido sa mga pook na pinaglahuan ng mga epiko at lumaganap bilang sekular na panitikang higit na nakatagos sa pang-araw-araw na búhay ng karaniwang tao mula pa noong magkaroon ng lokal na bersiyon nitó noong ikalabingwalong dantaon (Eugenio, *Awit and Corrido*, xvi).

Lilimitahan ang pag-aaral sa pagsusuri ng *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Aquí nin Magna Para-Asin (Vida ni Santa Isideria* mula ngayon), I isang koridong Bikol ni Caring Gañolo (walang petsa ng paglimbag) na ang makinilyadong libretto ay matatagpuan sa arstibo ng Museo Historico de la Universidad de Sta. Isabel sa

Naga, Camarines Sur.

Sa pag-aaral na ito, susundan ko ang paggamit ni Damiana Eugenio sa “korido” bilang katawagan sa metrical romances ng Pilipinas, at sa “*vida*” upang tukuyin ang koridong tungkol sa búhay ng santo at banal na tao. Ginagamit ang “*vida*” sa wikang Bikol, Tagalog, at Hiligaynon (Eugenio, “Metrical Romance”). Inilulugar ng salitáng “*vida*” ang korido sa praktika ng hagiyograpiya o pagsusulat ng talambuhay ng mga santo. Sa hagiyograpiya, ang salitáng Latin na *vita*, na ang salin sa Filipino ay búhay at tinutumbasan sa Ingles na *life*, ay tumutukoy sa mga tekstong patungkol sa búhay ng táong maaabot ang pagiging santo sa paraan ng kaniyang pamumuhay, na ‘di tulad sa *passio*, o pasyon, na sinusundan ang búhay ng isang táong magiging santo sa pamamagitan ng direktang pagtulad sa sakripisyo ni Kristo (Hinterberger, 25). Isinasalaysay ng *vita* ang búhay ng santo sa paraang linyar na magsisimula hanggang maaari sa kapanganakan at magtatapos sa kaniyang kamatayan. Maaari itong magsimula sa pook ng kapanganakan ng santo, kasáma ang kaniyang magulang, at saká isasalaysay ang paglalaglag nitó (Hinterberger, 30). Sa pag-aaral ni Resil Mojares ng early colonial narratives sa tradisyon ng nobelang Filipino, tinalakay niya ang mahabang prosa na *Barlaam at Josaphat* (1712) ng Heswitang si Antonio de Borja bilang isang pinahabang *vida* (57–59). Tinalakay rin niya ang pagsasaromansa ng mga layko sa hagiyograpiya (Mojares, 57). Pinahihiwatigan na magkakapareho ang mga tema ng maraming akda ng pagiging bukás ng hagiyograpiya sa pagpapasalin-salin sa iba't ibang anyo (Radulescu, 1). Ayon sa muhong pag-aaral ni Eugenio na *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*, isa sa tatlong temang karaniwan sa mga korido ay ang relihiyoso-didaktikong tema na makikita sa mahimalang kuwento ng búhay ng mga santo at banal na tao (xvii).



LARAWAN 1 (kaliwa). Libretto ng *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na AQUI nin Magna Para-Asin*. Mapapansin ang side sewn stitch binding at ang pinaikling pamagat na makinilyado sa pabalat ng libretto. LARAWAN 2 (kanan). Sa unang pahina ng libretto makikitang hindi nahahati sa mga saknong ang mga linya at makikita ang mga salitang pinuputol ng gitingling upang ipagpatuloy sa sumusunod na linya. Mapapansin din ang mga marka ng pagtatama, pati na ang tinta ng kabilang pahina na tumatagos at nasilip sa manipis na papel. Parehong aking retrato.

Mayroon ding tema ng kagalantihan at karangyaan ng mga hari't reyna, at tema ng maalamat na kuwento (xvii). Upang makilates ang vida sa labas ng reputasyon ng korido bilang mababang uri ng panitikan, susuriin kung paanong naisasaestruttura ng mga leksikal, gramatikal, at tematikal na pormula ang akda alinsunod sa panukala ng mananaliksik ng panitikang medyibal na si Franz Bäuml. Nagmumula si Bäuml sa kaniyang kritisismo ng teoryang Oral-Formulaic ng mga klasisista at iskolar ng panitikang oral na sina Albert Lord at Millman Parry. Partikular na susundan ang bersipikasyon ng *Vida ni Santa Isideria* at ang paggamit ng sentral na motif ng karima-rimarim na katawan, sakâ ito iuugnay sa tradisyong pampanitikan ng Pilipinas at sa tradisyon ng medyibal na hagyo-grapiya upang masipat ito bilang panitikang proto-nobelang Filipino at artifact na sosyohistorikal.

PORMAL AT MATERYAL NA PAGLALARAWAN NG ISANG KORIDONG BIKOL

Makikita sa *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na AQUI nin Magna Para-Asin*, o *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria na Anak ng Mga Mag-aasin*, ang mga katangiang karaniwan sa korido: walang

impormasyon hinggil sa may-akda at publikasyon nitó, mayroon itong temang relihiyoso-didaktiko, sinusundan nitó ang kuwento ng isang búhay na dumadaloy sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod, naglalaman ito ng mga anakronismo na búnga ng pagtatagpo ng dayuhang tagpo at lokal na tauhan at sensibilidad, at mayroong sinusundang súkat at tugma (Eugenio, *Awit and Corrido*, xiii–xiv).

Interesante ang *Vida ni Santa Isideria* bilang koridong Bikol sa tatlong kadahilanan: una, ang makinilyadong libretto nitó ay ang tanging makinilyadong libretto kasáma ang mga limbag na libretto sa koleksiyon ng Museo Historico. Wala pang talaan ng mga korido ang bumabanggit sa búhay ni Santa Isideria o baryasyon nitó sa korido ng ibang wika. Kompara sa makinilyadong manuskrito ng mga korido sa kalapit na artsibo ng VCA Cecilio Press Collection sa OBikoliana Section ng Ateneo de Naga James J. OBrien Library, na nakabigkis ng metal paper fastener sa humigit-kumulang súkat na quarto (nása 21.5 cm x 27.5 cm), kapansin-pansing gumagamit ng side sewn stitch binding at mas maliit na súkat na sextodecimo (nasa 14.5 x 10 cm) ang libretto ng *Vida ni Santa Isideria*. Ayon sa overview ng paglalathala ng panitikan ng Pilipinas ni Patricia May Jurilla sa *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*, ang súkat na sextodecimo ay karaniwan sa paglilimbag ng korido

bilang pamphlet o chapbook sa ikalabinsiyam dantaon (61). Ipinahihiwatig ng ganitong materyal na katangian kung paano itinuturing ang mga korido sa panahong iyon bilang maliliit, mumurahin, at hindi gaanong mahalagang lathalain katabi ang higit na seryoso, kapaki-pakinabang, at mas mapagkakakitaang trabaho ng paggawa ng mga diksiyonaryo, aklat-balarila, at iba pang lathalaing pangmisa (Jurilla, 61). Ngunit marahil hindi sasang-ayon ang karaniwang mambabasa sa pananaw na hindi kasinseryoso at hindi kasinghalaga ng mga relihiyosong teksto ang mga korido sa ruok ng kasikatan nitó. Kinakabesado at isinasalaysay ng karaniwang tao ang mga korido, inaawit, sinasayawan ang tugtog na inilalapat sa mga ito, sinisipi upang suhayan ang pinangangatuwiranangsinasabi, at bumabaling sa mga ito sa tuwing naghahanap ng libángan habang nagpapahinga mula sa trabaho ng pagsasáka (Manuel, 46). Bagaman natukoy ang may akda na nagngangalang Caring Gañolo, may malaking posibilidad na ang pangalang ito ay pseudonym at walang ibang impormasyon sa libretto hinggil sa pag aakda at publikasyon nitó, isang katangiang karaniwan sa mga korido (Jurilla, 61), at ayon din kay Eugenio, higit na karaniwan sa mga mas luma at mas tanyag na korido ang pagiging anonimo ng may-akda (xxi). Mula rito, maaaring sabihing nilikha ang *Vida ni Santa Isideria* nang higit pang mas maaga sa mga makinilyadong manuskrito ng VCA Cecilio Press, na inilathala sa mga taóng 1950s. Maaari ding tingnan ang posibilidad na mas malápit ito sa mga pinakalumang korido sa koleksiyon ng Museo Historico, na inilathala noong 1920s.

Ikalawa, nagtutuloy-tuloy ang 457 na linya ng vida sa pahina ng libretto nang walang pagkakahati sa mga saknong at walang agarang makikitang taludturan: mistulang sinisiksik sa maliit na espasyo ng labinsiyam na pahina ng libretto ang mga salita. Matatagpuan sa halos lahat ng pahina ang mga salitáng pinutol ng gitling at pinatuloy sa sumusunod na linya. Kakabit nitó ang ikatlo,

Gnaran. Can aqui pa gnaning gayo
 Devota na siyang totoo sa magayon
 Na retrato caiyan Virgen del
 Rosario. Ano man saiyang guibo-
 Hon iyo gnonang eenoton, an pami-
 Bi pagpaanpon sa Virgen na mamomo-
 Ton. Minsan sia natotorog, daing

(Gañolo linya 4-10), aking diin

na sa kabila ng tila kawalan ng malinaw na taludturan, lumalabas sa mas malapitang pagbása na sinusundan pa rin nitó ang monorhyming quatrain na oktosilabiko. Ang taludturan ng korido ang isa sa mga pangunahing nagtatangi sa anyo nitó, bukod sa karaniwang mga tema at elemento, karaniwang binubuo ng tig-aapat na linya at may tukóy na estrukturang ritmikal na nagmumula sa iisang tugma na nása hulíng pantig ng bawat okto- o dodekasilabikong linya (monorhyming at may end rhyme ang tigwalo o tiglabindalawang pantig) (Eugenio, *Awit and Corrido*, xxvi). Sa kabila ng ‘di paggamit ng biswal na pagkakahati ng mga taludtod at saknong sa *Vida ni Santa Isideria*, sa kalakhan nitó ay tumutugma ang ika walong pantig sa mga kasáma nitó sa quatrain:

Sa pitóng linyang sinipi mula sa unang pahina ng vida, makikita ang dalawang oktosilabikong quatrain, na ang una ay tumutugma sa tunog na “o” at ang ikalawa ay tumutugma sa tunog na “on.” Makikita ang pagtatapos ng ilang pangungusap sa gitna ng linya at ang pagkakaputol ng ilang salita sa dulo ng ilan pa. Mahihinuhan ang pagputol sa mga taludtod ay dála ng praktikal na konsiderasyon, lalo na kung gagamiting pahiwatig ang pagsagad ng pagmakinilya sa mga pahina ng papel. Ngunit makikita kung paanong ang ritmikal na estruktura ay parehong sintaktiko at semantiko rin sa mga linyang mistulang may misplaced modifiers o nakalilitong ayos, lalo na sa kawalan ng bantas dito. Sa ikaanim na linya, makikitang hinihingi ng súkat at tugma na piliing basahin ang salitáng “caiyán” bilang “ka-yan,” samantálang karaniwang binabása rin itong “ka-i-yan” upang pumasok sa bilang ng walong pantig ang rima ng “Rosario.” Naitatakda ng mga pormula ng taludturan ang paraan ng pagbása o pagbigkas ng vida.

Tinutukoy ni Eugenio sa kaniyang pag-aaral ang pagkiling sa dodekasilabikong linya ng mga Pilipinong makata, na kaiba sa gámit ng oktosilabikong súkat na madalas ay ginagamit ng mga Kastila at miyembro ng mga relihiyosong orden (*Awit and Corrido*,

Ngalan. Nang bata pa ngang totoo 4
 Debota na siyang totoo sa maganda 5
 Na retrato niyang Birhen del 6
 Rosario. Ano an kanyang ga- 7
 Win ito munang uunahin, ang pana- 8
 Langin ampwin ng Birhen na ma- 9
 Sintahin. Minsan siya natutulog, walang 10

Gañolo linya 4-10, aking salin

xxvii). Higit na di-pangkaraniwan ang koridong may oktosilabikong linya, kilalá rin bílang bersipikasyong korido o bersipikasyong plosa, kompara sa koridong may dodekasilabikong linya, na kilalá naman bílang bersipikasyong awit. Ayon sa talâ patungkol sa metrical romance sa *CCP Encyclopedia of Philippine Art* na isinulat ni Eugenio at isinapanahon ni Ma. Cecilia Locsin Nava, sa 229 na koridong naitalâ, siyam na korido² lámang ang sumusunod sa bersipikasyong oktosilabiko. Mahalagang banggitin na pinagpasiyahan ni Eugenio sa kaniyang pag-aaral na maliban sa súkat ng pantig, walang pagkakaiba ang awit at korido at mas ginagamit ang katawagang korido upang tumukoy sa pangkalahatang metrical romances ng Pilipinas (*Awit and Corrido*, xxv). Maging sa paunang natatanging masteradong tesis tungkol sa koridong Bikol, na A study of Bikol metrical romances ni Cecilia Carpio, ipinahayag niyang hindi makabuluhan ang pag-iiba ng bersipikasyon dahil lahat ng koridong Bikol ay sumusunod sa dodekasilabikong metro (5–6).

ANG VIDA NI SANTA ISIDERIA BÍLANG ROMANSANG HAGYOGRAPIKO

Sumasang-ayon ang poklorikong si Dean S. Fansler alinsunod sa kasulatan ng Español na manunulat na si Vicente Barrantes sa kaniyang nangungunang pag-aaral noong 1916, na iipinakilala ang romansa sa mga katutubo ng mga mananakop na Español sa pamamagitan ng pagkukuwento ng mga sundalo ni Lopez bago pa magsimula ang ika-17 na siglo (204). Ngunit, sa introduksiyon ng *Anthology of Asean Literatures: Philippine Metrical Romances*, giit na panukala ni Jovita Ventura Castro na nakapasok sa kapuluan ang mga romansa bílang mga lathalaing matiyagang naipuslit ng mga barko sa Pilipinas, sa kabila ng lehislasyong nagbabawal ng pagdadala ng di-relihiyosong lathalaing sa mga kolonya (2). Nananatili ang ilang mga dati na nating alam tungkol sa mga korido. Una, na popular itong binibigkas, inaawit, at sinisipi. At ikalawa, na sa kabila ng naging gampanin ng mga korido para sa proselitasyon at indoktrinasyon, sekular na uri ito ng panitikan na noo’y ibinabahagi bílang popular na libángo.

Sumasabay sa kasikatan ng pasyon ang búhay ng santo, na unang lumitaw bílang maikling prosa o berso na kalakip ng mga nobena (Mojares, 56). Pangunahing katangian nitó ang pagiging larawan ng kabanalan ng tao, sa halip na tunguhin na maging salaysay ng partikular na búhay at imahen ng isang partikular na tao (Mojares, 56–57). Ayon sa hagiograpo na si Hippolyte Delehayé, para maging hagiograpikal ang isang akda, kinakailangang may katangian itong relihiyoso, layuning maging instruktibo sa pagpapaunlad ng moralidad ng mámbabasa, at kung gayon, sa pamamagitan ng debosyon sa mga santo ay may layunin ding pagyamanin ang debosyong iyon (3). Sa paglilina ni Delehayé ng pagkakaiba ng hagiograpia at historya, mauunawaan

ang sinasabi ni Mojares na higit itong vulnerable sa “secularizing tendencies” (57):

the work of the hagiographer may be historical, but it is not necessarily so. It may take any literary form suited to honouring the saints, from an official record adapted to the needs of the faithful, to a highly exuberant poem that has nothing to do with factual reality (4).

Sinasabi nga ni Mojares na higit na naisasaestruktura ito ng paglalalahad ng ideal na pormula kaysa makatotohanang representasyon ng kasaysayan at isang búhay (57). Nalilina ng paglulugar na ito sa tradisyon ng hagiograpia ang pagtatasa sa pagiging hindi realistiko ng korido, na isa sa mga dahilan ng masamang reputasyon nitó (Pardo de Tavera, 14; Eugenio, *Awit and Corrido*, xiii; Carpio, 111). Ang kawalan ng iisa at malina na makatotohanang batayang búhay ng vida ay hindi pagkakamali, kundi isa sa mga kumbensiyon ng nasabing genre. Walang pagkakatulad ang búhay ni Isideria na isinasalaysay sa *Vida ni Santa Isideria* sa anumang historikal na talâ ng búhay ng isang Santa Isideria. Walang talâ ng anumang Santa Isideria o baryasyon ng pangalang Isideria sa pinakamalaki at pinakakomprehensibong online na repositoryo ng mga santo at mga banal na tao na *Ökumenische Heiligenlexikon o Ecumenical Lexicon of Saints* (Schäfer). Ang taláing pinakamalapit sa pangalang Isideria sa repositoryo ng ito ay ang mga santong nagngangalang Isidro o Isidore³, ngunit walang kahit anong pagkakatulad ang kanilang mga kuwento sa kuwento ni Santa Isideria.

Sinusundan ng *Vida ni Santa Isideria* ang daloy ng karaniwang búhay ng mga santo—pagsubok, paghihirap, at mga milagro na nagwawakas sa pagmamartir (Mojares, 56). Si Isideria ay isang “dalagang banal” na deboto ng retrato ng Birhen del Rosario at nag-iisang anak ng mag-asawang nagtatrabaho sa asinan. Ang unang pagsubok na pagdaraan ni Isideria ay ang “dalawang tampalasan” (linya 44–45) na susubukan siyang pagsamantalahan. Pagkatapos nitó, mapapadpad si Isideria sa kaharian ng Granada, doon siya maiipit sa lábanán ng mga armada ng Granada at ng mga Moro. Ang hulí ay ang pag-uwi niya sa kaniyang mga magulang matapos ang ilang buwan sa Granada, at ang pagmamalupit ng kaniyang mga magulang na naghihinalang ang hindi niya pag-uwi ay dalá ng kaniyang “pagkakasala” at “pagdeshonra” o pagdalá ng kahihyan sa pamilya, pahiwatig na ang ginawa ni Isideria ay “karungisan” o pagsira ng “kadalisan” ng kaniyang pagkadalaga. Dalá ng paghagupit ng kaniyang magulang, binawian ng búhay si Isideria, saká inililing. Binuhay siyang muli ng Diyos sa tulong ng Birhen, ngunit noong muling nilapitan ang magulang upang isalaysay ang mga kinasapitan, itinakwil siya ng mga ito. Kayâ, tumúngo siya sa beaterya kung saan siya sinalubong ng Madre Rectora at nagsimulang magpenitensiya. Sa unang hagupit ni Isideria ng pangpenitensiya, naglaglagan ang mga uod sa kaniyang katawan. Isang umaga, nagising ang beaterya sa pagkalat ng isang di-matukoy na halimuyak. Nalaman nilang nagmumula ang halimuyak sa katawan ni Isideria, na binawian na muli ng búhay habang

nagdarasal nang nakaluhod at may hawak na liham sa kaniyang nakakuyom na palad. Mabubuksan lámang ang kaniyang hawak ng kaniyang mga magulang. Sa wakas ng vida, babasáhin ang liham at matututuhan ang tunay na pinagdaanan ng kanilang anak, na binendisyanan, ginawang santo, at naging uliran ang búhay.

Naipapasok sa uri ng hagyo-grapiyang tinatawag na “hagiographic romance” o “secular hagiography” ang pagpapahalaga sa “Job-like patience” (Radulescu, 1) ni Isideria ang *Vida ni Santa Isideria*. Sinusundan ng ganitong uri ng hagyo-grapiya ang hulma ng kuwento ni Job sa bibliya, na umani ng gantimpala sa Panginoon dahil sa katatagan ng kaniyang pananampalataya. May transpormasyon ang inapi at pinagmalabisang bidang asawa o babaeng anak patúngo sa pagiging isang huwarang babae. Kapag laláki ang bida, madalas sila ay maglalakbay patúngo sa pagiging “peninent knight to saintly hero” (Radulescu, 1). Ginagamit sa *Vida ni Santa Isideria* ang formulaic expression na “daragang banal” o dalagang banal upang ilarawan ang pagiging “manini-santa” (lina 24) o malasanta na bida ng kuwento. Nag-iiba-iba ang pariralang ito sa kahabaan ng vida ayon sa kahingian ng súkat sa partikular na tagpong isinasalaysay: nagiging “banal na daraga” [banal na dalaga], “mahal na daraga” [mahal na dalaga], “daragang mahal” [dalagang mahal], at iba pa, ngunit hindi inihihiwalay ang mga pang-uring nagpapahiwatig ng kabanalan sa salitáng “daraga” o dalaga. Kaagad na naiuugnay ng ganitong pormula ng paglalarawan ang bida sa imahen ng Birheng Maria, pati na rin sa iba pang kuwento ng mga kababaihan sa bibliya, partikular na sa motif na “the calumniated wife,” “the innocent wife persecuted unjustly,” at “the woman unjustly accused” (Radulescu, 4).

KATAWANG BANAL, KATAWANG LUPA: MATERYALIDAD NG KARIMA-RIMARIM

Sentral na motif ng *Vida ni Santa Isideria* ang katawan. Tinatahi ng katawan ang mga tagpong malabis, mistulang walang kinalaman sa isa’t isa, at walang malinaw na sinusundang motibo: ang pagtatagpo ni Isideria at ang dalawang tampalasan, ang kaniyang pagkakaipit sa lábanán sa Granada kung saan niya kinailangang magpanggap na laláki at maging sundalo, at ang pagmamalupit sa kaniya ng mga magulang, pati ang mga eksena ng kaniyang penitensiya at muling pagkamatay sa beaterya. Sa kaniyang pag-aaral ng kababaihan sa romansang hagyo-grapiko ng Pransiya, pinuna ni Cazelles ang kabalintunaan ng medyibal na paniniwala na kinakailangang itakwil ang materyal na mundo para sa kabanalan, at ang tendensiya ng mga romansang hagyo-grapiko na bumuo ng kuwentong hahantong sa sukdulán ayon sa korporeal na halaga ng bidang babae, sa halip ng kaniyang espiritwal na halaga (43). Magsisimula ang katawan ni Isideria bilang malinis at dalisay na katawan ng isang dalagang banal, at hahamunin ng mga pasákit na madaraan niya ang kalinisang ito. Bilang unang pagsubok, pagtatangkaang

“dungisan” ang malinis na katawan ni Isideria ng mga mapanamantalang laláki na masasalubong niya noong siya ay patúngo sa asinan. Hindi nakaapekto sa kapalaran ni Isideria ang inaakala nating magiging makabuluhan sa kuwento na maaksiyong pakikidigma ni Isideria sa Granada habang siya’y nakabihis-laláki, dahil sa huli, bumalik pa rin ito sa halaga ng kalinisan at kadalisan ng kaniyang katawan. Itutulak ang kuwento sa sukdulán nitó ng paghihinala ng kaniyang mga magulang na dinungisan niya ang kaniyang puri. Ang rurok ng kaniyang mga pagdaraanang pasákit ay ang pisikal na parusa ng sariling magulang, hanggang sa mapatíd ang kaniyang hininga o “ginhaua”:

Pagca-quita qui Isideria
nin ama patin ina nia
an angot daing casama
boot tolos gadanon na.
Tara gnaya gaing galang
daing boot cadiquit man
nacasopog sa magurang
baco ta cang aqui gnonian.
Ba[c]o mo man cong ama na
daing sopog deshonrada
ano dao ta nabuhay ca
di ta ca boot maquita.
Ining daragang maboot
nanenero nagloloход
nagsasabi nin matanos
cundi dai nadadagnog.
Na con hinaniogon lamang
magna sabin catanosan
sucat dao na maangotan
an aquing dai casalan?
Pinapacol sinosontoc,
sidad, tampal, tinotolod
Quinacaptan pa sa bohoc
na pinaggogoyodgoyod.
(Gañolo linya 164–180).⁴

Pagkakita kay Isideria
ng ama pati ina niya
ang gálit walang ‘sing samâ.
Nais agad patayin na.
Halika aniya walang-galang,
walang bait kaunti man
na hiya sa magulang
hindi kitá anak ngayon.
Hindi mo rin ako Ama
na walang hiyang ipinahiya,
ano pa at nabuhay ka
hindi kitá nais makita.
Itong dalagang mabait
nagmakaawa lumuluhod
nagsasabi nang totoo
ngunit hindi naririnig.
Na kung papakinggan lámang
mga sinabing katotohanan
bakit pa kagagalitan

ang anak walang kasalanan?
Pinapalo, sinusuntok,
sipa, sampal, tinutulak
sinasakmal pa sa buhok
na pinagkakaladkad.
(Akin ang salin)

Nakapagpapalitaw ng pagiging maninisanta ng bida ang imahen ng nakaluhod, nagmamakaawa, at matiising Isideria na ang tanging ginawa ay tumangis at manalangin sa Birhen del Rosario (Radulescu 1, 4). Mahalaga ang mga episode ng pagsubok ng bida at ng kaniyang labis-labis na pagdurusa sa kaniyang pagiging maninisanta dahil bumubukal ang pagkamatiising ito sa katatagan ng kanilang pananampalataya (4).

Tumungo tayo sa susunod na imahen ng katawan: ang katawang lupa na binuhay muli. Isa sa mga pinakamatingkad na bahagi ng vida ang paglalarawan sa katawan ni Isideria sa umpisa ng kaniyang penitensiya sa beaterya:

Paglaog pa sanang bago
duman cadtong monasterio
pinagnalasan na gayo
an guibong pagcicilicio.
Daing panahon o oras
an pamibi paghampac
ronot na bilog na hauac
magna olod nagrarcadag.
Tara bilog na inferno
nagnamomondong totoo
caning daragang iniho,
santang esposa ni Cristo.
(Gañolo linya 252–260)

Pagpasok pa lamang bago
doon sa monasterio
pinaggilalasang totoo
ang gawaing pagsisilisyo.
Wala pang panahon o oras
ang dasal paghagupit
durog na buong katawan
mga uod nagsilaglag.
Ito nga't buong impiyerno
na nalulumbay na totoo
nitóng dalagang ito,
santang esposa ni Kristo.
(Aking salin)⁵

Sa pagkakataóngito, nagiging karima-rimarim ang katawan o ang tinatawag ni Mikhail Bakhtin na “the grotesque body” na imahen ng “degradation, that is, the lowering of all that is high, spiritual, ideal, abstract” (19). Pagtatanghal ito ng eksaherasyon, hyperbolismo, at pagkamalabis na mga pangunahing tanda ng karima-rimarim (Bakhtin, 303).

Ang pinakamatingkad na pagtatanghal ng sinasabing degradasyon ay ang eksena ng pagpepenitensiya ni Isideria sa beaterya. Ang sinasabi ni Bakhtin na paibabang galaw

“downward motion” (21) ng degradasyon ng katawan ay ipinakikita at ipinaririnig ng paggamit ng salitang “nagrarcadag,” na hindi sapat na isalin sa Filipino “nagsilaglag.” “Rarcadag” ang parehong salita para sa mumó o pira-pirasong nalalaglag mula sa isang nakatigil na bagay o katawan, na nagmumula rin sa onomatopeya para sa ganitong galaw. Ang mga uod na “nagrarcadag” mula sa katawan ni Isideria, higit sa pagiging kumbensiyunal na imahen ng dumi, sakít, at pagkaagnas na pawang mga pahiwatig ng mortalidad, ay sintomas ng pisikal na degradasyon ni Isideria, na sa puntong iyon ng vida ay isang bangkay na. Ngunit literal din itong pagbabâ ng katawan sa lupa dahil sa oras na iyon, “rarcadag” ni Isideria ang mga nalalaglag na uod; ekstensiyon sila ng kaniyang katawang dumidiit sa lupa. Lupa rin ang pinakamalápit sa ibabang bahagi ng katawan kabilang ang tiyan, bituka, at mga bahaging ginagamit sa pagdudumi; sa lupa rin bumabalik ang katawan sa kamatayan, at dito rin inililibing. Kinakailangang harapin ng naratibong umiikot sa katawang lupa ng babaeng bida ang pagiging materyal nitó mula sa sinasabing kadalisayan hanggang sa pagiging karima-rimarim.

Dalá-dalá ng katawan ni Isideria ang kalinisan at kawalang-kasalanan sa isang banda, at sa kabila naman, ang mga sugat at mantsa ng pagdurusa at abuso, lalo pa’t sa beaterya kung saan siya nagpepenitensiya, na ang kaniyang banal na katawang pinagpala ng Diyos at Birhen ay parehong patay at buhá—bangkay na muling binuhay, iniligtas na ngunit patuloy na nagdurusa. Ito ang “dalawang katawan ng karima-rimarim” ayon kay Bakhtin: sa pagbigay-pansin sa mga sugat, bútas, at bahagi ng katawan ay nakapagpapasilip ng isang bagong luwal na katawan. At sa paglaladlad ng mga elementong kadalasa’y itinatago, itinatakwil ng karima-rimarim na katawan ang mga hadlang sa paglabas ng panlabas sa panloob, at ng panloob sa panlabas (318). Dahil ang katawan ay “a point of transition in a life eternally renewed, the inexhaustible vessel of death and conception” (Bakhtin, 318), ang katawang naaagnas ay katawan ding paulit-ulit na hinihilom at nilulunasan. Sa ikalawang pagkakataon na binawian ng hininga si Isideria, ang kaniyang kamatayan ay hindi negatibong resolusyon, kundi, ang nararapat na wakas sa búhay ng isang “daragang banal.” Nakamit ni Isideria ang sinasabing “perpektong búhay” sa kaniyang pagkamatay.

Sa paniniwala ng teolohiyang medyibal, mararating lámang ng isang babae ang “perpektong búhay” na nararating ng penitente at asetikong laláking santo kung itatakwil niya ang ‘di umano’y natural na tendensiyang magpatalo sa tukso ng katawan. Karaniwan sa romansang hayograpiko na pinagbibidahan ng kababaihan ang pagpaparantal sa kadalisayan at pagkabirhen ng martir (Cazelles, 48). Ang kamatayan ni Isideria ay isang pagbalik ng orihinal na kalinisan ng katawan ng búhay ng isang “daragang banal” sa anyo ng kaniyang pagkamartir at pakikipag-isa sa Diyos at Birhen sa kaginhawaan ng langit. Huling pagtatanghal ng pag-iisa ng panloob na birtud ni Isideria at ng panlabas o pisikal niyang anyo ang kadalisayan ng kaniyang pagkamatay.

Para sa pagbása ng *Vida ni Santa Isideria*, instrukturbo ang kritikal na pagsangguni ni Constantinou sa mga idea ni Bakhtin ng karima-rimarim sa pag aaral ng Byzantine hagiography, na binibigyan niya ng puwang ang karima-rimarim na hindi malaya sa kilabot. Sa isang banda, inilulugar ni Bakhtin ang karima-rimarim sa kultura ng folk humor katahi ng kaniyang teorya ng halakhak sa karnabal. Pinapawi ng halakhak ang presensiya ng tákot dahil pinalalaya nitó ang daigdig sa lahat ng kadiliman at katatakutan, at sa gayon ay daigdig na punô lámang ng liwanag at kasiyahan (19, 47). Sa kabila naman, mahirap makita ang pagkakataon para sa pagdiriwang at katatawanan sa kuwento ng pagdurusa ni Isideria, tulad ng mga vita sa panitikang medyibal. Samantálang itinatabi ni Constantinou ang karima-rimarim ni Bakhtin sa “the uncanny” ni Sigmund Freud upang ilarawan ang mga karanasan at imaheng nakapangingilabot at nagdadala ng pangamba (46), kapaki-pakinabang ding itabi rito ang konseptong “hierophany” ni Mircea Eliade. Ang tákot at kilabot sa “uncanny” na misteryo ng katawan ni Isideria ay maaaring makita bilang ang parehong “feeling of terror” na inilalarawan ni Eliade sa pagtatapat ng banal na kapangyarihan (9). Inihahayag ng di-maarak ang kaniyang sarili bilang “wholly other” na katangi-tangi sa karaniwan, at makapagpapadama sa mortalidad—sa ibang salita, sa materyalidad—ng tao (9–11). Lalong nakapangingilabot, ngunit nakamamamangha rin, ang mga “racdag na uod” o nagsilaglagang uod na mistulang gumagalaw at itinutugon ang katawan sa kaniyang paligid, na para bang may sarili itong ahensiya, samantálang parehong gáling kay at bahagi lang ito ni Isideria. Ito rin ang ipinahihiwatig ng hulíng pagbawi ng Diyos sa búhay ni Isideria sa pagkálát ng malakas na halimuyak na “langitnon”—sa Filipino, literal na makalangit—hindi sa daigdig na ito, at ‘di maláman kung saan nagmumula. Ipinag-utos ng Madre Rectora na ang buong beaterya ay bumangon, mágbukás ng mga bintana, at hanapin ang di-makamundong amoy hanggang sa matunton nila ang nakaluhod na si Isideria, bangkay nang muli.

Sumasang-ayon dito ang pagtalakay ni Constantinou sa gámit ng mga tagpong karima-rimarim upang iharap sa tao ang kadakilaan. Itinatanghal ang partisipasyon ng katawan sa mundo ng espirital ng mga kuwento ng mahimalang paghilom sa mga di-natural na karamdaman (53–54). Para naman kay Bakhtin, ang ganitong masalimuot at magkasalungat na katangian ng karima-rimarim na katawan ang siyang nagbibigay ng “realismo” sa “grotesque realism”: indibidwal at pribado man ang katawan at mistulang hiwalay sa iba pang mga katawan, hindi pinuputol ng karima-rimarim na katawan ang ugnayan nitó sa lupang lumalamon at nagluluwal. Ito ang sinasabi niyang “transfer to the material level, to the sphere of earth and body in their indissoluble unity” (Bakhtin, 19–20). Tema ito na ayon kay Constantinou ay buod ng mga naratibo ng paghilom, at karaniwan sa mga pampanitikan sa hagiograpihong tradisyon (49): “[t]he diseased and suffering body, which is eventually cured by the saint, not only constitutes the main theme of healing stories; it is also the kernel

around which the narrative unfolds, and in effect, it is the very reason for the writing of the story” (43–44). Ang pormula ng karima-rimarim sa vida ay pormula ng kapangyarihan ng banal na Diyos na maghilom: sa *Vida ni Santa Isideria*, ang uod na nakapangingilabot at nakamamangha, dahil parehong nagmula kay Isideria ngunit mistulang may sariling ahensiya sa paggalaw, ay tanda ng banal na kapangyarihang magdulot ng parehong sakit at paghilom. Muli, makikita rito ang gampanin at kahalagahan ng katawan. Sa pisikalidad at materyalidad nitó, na nagkakasakit ngunit hinihilom, ang pag-iisa ng sagrado at di-banal, ng mortalidad ng tao at ng ‘di maarak na kadakilaan ng Diyos. Ang imahen ng katawan ng pumanaw nang si Isideria, na nakaluhod at may halimuyak na hindi sa mundong ito, ay ang banal na kapangyarihang bumabawi ng búhay at nagbibigay rin nitó. Sa pagtatapos ng vida, tagumpay o “triumfo” ang pagpanaw ni Isideria dahil nawakasan na ang kaniyang pagdurusa “sa kawalang kabuluhan nitóng daigdig” (Gañolo linya 400, aking salin), ngunit higit pa’y tagumpay rin ito ng kaniyang ama’t ina na “mula noo’y guminhawa na” (Gañolo linya 444, aking salin)—bumuti na ang paghinga.

ANG PAGPAPATULOY NG SALITA SA KATAWAN

Sa materyalidad ng katawan nagiging posible ang pag-iisa ng sagrado, di-banal (profane), at karima-rimarim. Bukod sa mga misteryo ng katawan ni Isideria, may gámit ang katawan sa pagtawid ng di-banal at sagrado sa pamamagitan ng pagiging dalúyan nitó ng salita at wika. Ginamit ni Isideria ang salita upang maging madeskarte at malampasan ang kaniyang tatlong pagsubok, isang katangian pa rin ng mga babaeng bida sa hagiographic romance (Radulescu, 4). Sa lahat ng pagkakataon, ginagamit ni Isideria ang salita upang manawagan sa Diyos at sa Birhen del Rosario na iadya siya sa panganib. Binasbasan din ng Birhen ang salitang kaniyang gámit upang mangusap sa dalawang laláking nagtangkang pagsamantalahan siya. Ipinahayag ni Isideria na dahil ang kanilang dugo ay “malinao” at sila ay “mahal na tauo, leal, magna caballero,” mahiya sila sa kanilang puri at umasta nang naaayon dito (Gañolo linya 82–89). Naudlot ang masamáng balak ng mga laláki noong naipakita sa kanila ni Isideria ang kanilang loob. Tumatagos sa katawan ang salita, hinahamon ang balát na nagkukubli ng mga lamanloob, at inuudyukan ang tao na ilabas sa mundong pribado at indibidwal ang sarili, at gawin itong pampubliko at panlipunan. Sa hulíng bahagi ng vida, ang salita ay nása liham na ikinuyom ni Isideria sa kaniyang palad na nabuksan lamang ng kaniyang mga magulang. Dito, ang salita ay ang katotohanan ng kuwento ng búhay at pinagdaanan ni Isideria, na isinasalaysay hindi lámang para sa kaniyang mga magulang at sa mga nása beaterya, kundi para rin sa mga tagapakinig o mámbabasa ng mismong vida. Ginamit na kasangkapan sa paglalahad ng relihiyosong áral ang liham na isinasalaysay rin ang katotohanan ng

pananampalataya sa Diyos at Birhen.

Ang katawan ni Isideria, na sagisag ng kaniyang panloob at panlabas na pagsasagawa ng kabanalan, ay wala na, ngunit ipinagpapatuloy ito ng salaysay sa kaniyang liham. Sang-ayon kay Bakhtin, ang bibig at kamay ay mga bahagi ng katawang bukás sa mundo, at sa gayon ay dalúyan nitó, sa pamamagitan ng salita at salaysay (316). Katawan ang paksa ng kuwento, ngunit nanunuot din sa katawan ang kuwento sa pamamagitan ng pag-usal at pagsulat nitó: kinakailangang ilipat ang kuwento at dumaloy sa mga katawan upang magkaroon ng presensiya, at maging kasalukuyan o buhayng muli, at ipagpapatuloy ang tradisyon. Pinarangalan ng mga tao ang búhay ni Isideria, at sa kanilang pag-uwi, dalá-dalá nila ang kaniyang kuwento upang ipagpapatuloy sa pamamagitan ng pagtulad, sa sarili nilang mga katawan:

“Ominarog gnani sinda
cabanalan ni Isideria
aso sinda magadan na
natipon gabos sa gloria.”
(Gañolo linya 473–475)⁶

“Tumulad nga sila
sa kadakilaan ni Isideria,
nang kapag sila mamatay na
natipon lahat sa kaluwalhatian.”
(Akin ang salin)

ANG SALITÁNG DUMADALOY AT NAGPAPATULOY SA VIDA

Ginamit man bilang kasangkapan para sa propagandang relihiyoso at nagmula man sa mga dayuhang batis, mahalagang makita ang pagtugon ng Pilipinong manunulat at mámbabasá sa vida. Sa halip na makita ang pagdating at paglaganap ng romansa bilang simpleng pagpalit o pagbura sa mga naunang katutubong anyo ng produksiyong kultural, ipinanukala ni Mojares na nagkakaroon ng “creative deformation of folk forms under the impact of a new culture and, concomitantly, the *naturalization* of foreign forms introduced to native society” (45) [hindi akin ang diin]. Hindi iisang linyar na proseso ang galaw ng tradisyong nananatili at pinananatili ang kaniyang kaanyuaan at pagkabuo. May salik ng dominasyon-subordinasyon ng mga ahensiyang nagpapakilala ng mga bagong materyal at anyong pampanitikan sa patuloy na pag-asimila nitó ng mga bago at minsá’y dayuhang mga elemento. Nakikipagtalában din ang lokal na tradisyong popular sa banyagang tradisyon (Mojares, 20–21).



MGA TALÁ

1. Sa unang pahina ng libretto ng korido (tgn. Larawan 2 sa p. 2) mapapansing nakaprint ang pamagat na gumagamit ng salitáng “agui”, ang salitáng Bikol para

Mas malinaw na natatanaw ang mga puwang sa pananaliksik ng panitikan gámit ang perspektibang nagsasaalang-alang ng mga pormal na katangian ng akda at ng mga tradisyong pinagmulan nitó. Nagpapahiwatig ang parehong salik na mga ito ng mga kumbensiyon na maiuugat din sa mga partikular na yugto ng kasaysayan at sa mga kondisyong humubog dito. Ang suliranin ng anonimong pag-aakda ay alalahanin lámang ng modernong mámbabasá dahil naituturo ng kasaysayan ng hagiograpiya at ng binibigkas na panitikan na hindi nitó pangunahing layunin ang pagiging artistiko. Nangunguna sa layunin ng pag-akda nitó hindi ang pagkilala sa may-akda, kundi ang pagpapaunlad ng panlipunang moralidad. Mauunawaan din, sa gayon, na hindi nakaatang sa indibidwal at personal na pagkamalikhain ng may akda ang hinahanap nating pagiging pampanitikan ng vida, kundi sa katotohanan ng kanilang sinasaysay batay sa sinaunang Kristiyanong tradisyon. Ang mismong pagpapasalin-salin ng vida mula sa Español na batis, na isinalin din mula sa Latin, ay tanda ng pagiging awtentiko ng mga kuwento. Malaki ang gampanin dito ng paggamit ng berso dahil napadalí nitó ang pananatili ng mga salaysay sa alaala ng parehong mananalaysay at tagapakinig sa pamamagitan ng mga pormula sa súkat at tugma. Ipinahihiwatig ng pananatili at paglaganap nitó sa anyong berso ang pagtataas nitó sa bahagi ng lipunan na hindi nakapagbabasá at nakapagsusulat (Cazelles, 4).

Paunang pagbaybay ito sa mga binubuksang usapin ng *Vida ni Santa Isideria* at ng hagiograpikong romansa, mga tekstong matagal na nating naisantabi dahil sa kanilang relihiyoso-didaktiko at konserbatibong nilalaman, na nakikitang kasalungatan ng halagang pampanitikan nitó (Cazelles 7). Marami pang masasabi ang mga susunod na mananaliksik patungkol sa pagiging atrasado ng politika ng babaeng birhen at martir, sa karahasan ng mga magulang sa anak, sa pagpapawalang-sála sa pang-aabuso, sa pagbibihis-laláki ng bida, at iba pang bahagi ng kuwento bukod pa sa iba pang mga pormal na katangian ng vida at sa materyal na produksiyon nitó. Importante at interesanteng balikan ang mga akdang tulad ng *Vida ni Santa Isideria* dahil sa kapasidad nitóng magtaglay ng magkakaiba at minsá’y magkakasalungat na saloobin: ang pagtala ng mga kuwentong nagmula sa mga Español na tungkol sa kanilang banal at di-banal na mundo at tumutugon sa kanilang mga pangangailangan ay naging muling pag-akda sa kamay ng mga laykong nagsaromansa at humubog dito ayon sa mga lokal at sariling kamalayan. Dalá-dalá at ipinagpapatuloy ng korido ang negosasyon ng mga tunguhin at saloobing ito.

sa daan, sa halip na “aqui”, ang salitáng Bikol para sa anak o batà. Ipinagpapalagay ng pananaliksik na ito na tipograpikal na kamalian ang gámit ng salitáng “agui” rito at naipagpalit ang letrang g sa q dahil malinaw na mas akhang panturing sa pariralang “Santa Isideria” ang

“anak”. Ginagamit sa pananaliksik na ito ang itinamang pamagat ng korido.

2. Apat na porsiyento ng 229 na korido, ayon kay Eugenio (“Metrical Romances”).

3. Mayroong labing-isang talâ ng pangalang Isidro o Isidore sa *Ökumenische Heiligenlexikon* ni Schäfer, kabilang ang talâ patungkol kina Isidore of Madrid, Isidore of Sevilla, Isidore of Chios, Isidore of Scete, Isidore of Alexandria, Isidore of Saint Joseph de Loor, Isidore of Egypt, Isidore Bakanja, Isidore Gagelin, Isidore of Takinas, Isidore of Tver, at Isidore of Pelusium. Walang talâ ng búhay ng kahit isa sa kanila ang may pagkakawangis sa koridong vida ni Santa Isideria. Magandang proyekto ng mga susunod na

mananaliksik ang pagsaliksik pa ng mga pagkakatulad at posibilidad ng paghiram ng mga elemento ng Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria sa talambuhay ng iba pang mga santo at banal na tao.

4. Isinaayos ang orihinal na teksto ayon sa oktosilabikong taludturan nitó. Sa ganitong ayos, higit na kíta ang tugma sa bawat apat na magkakasunod na taludtod at ang sinusundang pormula ng bilang ng pantig.

5. Isinaayos ang orihinal na teksto ayon sa oktosilabikong taludturan nitó.

6. Isinaayos ang orihinal na teksto ayon sa oktosilabikong taludturan nitó.



PASASALAMAT

Pinasasalamatan ng may-akda ang tagapangasiwa ng Museo Historico Universidad de Santa Isabel na si G. Luis Banzuela.

MGA SANGGUNIAN

Pangunahing Sanggunian

Gañolo, Caring. *Vida o Agui-Agui ni Santa Isideria*. Museo Historico de Universidad de Sta. Isabel, Naga City, Walang Petsa. Makinilyadong manuskrito.

Sekondaryang Sanggunian

Bakhtin, Mikhail. *Rabelais and His World*. Trans. Helene Iswolski. USA: Indiana University Press, 1984.

Bäumli, Franz H. “Medieval texts and the Two Theories of Oral-Formulaic Composition: A Proposal for a Third Theory.” *New Literary History*. Autumn Vol. 16, No. 1. Oral and Written Traditions in the Middle Ages, 1984, 31–49.

Carpio, Cecilia M. "A Study of Bikol Metrical Romances." Master's thesis, University of the Philippines Diliman, 1959.

Castro, Jovita Ventura. *Anthology of ASEAN Literatures: Philippine Metrical Romances*. 1985.

Cazelles, Brigitte. *The Lady as Saint: A Collection of French Hagiographic Romances of the Thirteenth Century*. USA: University of Pennsylvania Press, 1991.

Constatinou, Stavroula. “Grotesque Bodies in Hagiographical Tales: The Monstrous and the Uncanny in Byzantine Collections of Miracle Stories.” *Dumbarton Oaks Papers*, Vol. 64, 2010,

43–54. <https://www.jstor.org/stable/41480880>.

Delehay, Hippolyte. *The Legends of Saints*. Trans. Donald Attwater. With a memoir of the author by Paul Peeters. New York: Fordham University Press, 1962.

Eugenio, Damiana. “Introduction.” *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1987, xiii–xxxviii.

———. “Metrical Romances.” Updated by Ma. Cecilia Locsin-Nava. *CCP Encyclopedia of Philippine Art*. Cultural Center of the Philippines, 2020. [https:// epa.culturalcenter.gov.ph/9/73/1555/](https://epa.culturalcenter.gov.ph/9/73/1555/).

Fansler, Dean. “Metrical Romances in the Philippines.” *Journal of American Folk-Lore*, Vol. 29, 1916, 203–34.

Jurilla, Patricia May B. *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008.

Hinterberger, Martin. “Byzantine Hagiography and its Literary Genres: Some Critical Observations.” *Nasa The Ashgate Research Companion to Byzantine Hagiography: Volume II: Genres and Contexts*. Inedit ni Stephanos Efthymiadis. 2014.

Manuel, E. Arsenio. “Folk Literature.” *Panorama*. February 1960, 39–50.

Miller, Patricia Cox. *In the Eye of the Animal: Zoological Imagination in Ancient Christianity*. USA: University of Pennsylvania Press, 2018.

- Mojares, Resil B. "Barlaan, Urbana at Basio: Three Philippine Proto-Novels." *Philippine Quarterly of Culture and Society*, March 1976, Vol. 4, No. 1, 46–54.
- . *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1983.
- Pardo de Tavera, Trinidad. *The Legacy of Ignorantism*. Manila Bureau of Printing, 1921.
- Radulescu, Raluca. "Hagiographic Romance." *The Encyclopedia of Medieval Literature in Britain*, 2017, 1–6. doi:10.1002/9781118396957.wbemlb550 Schäfer, Joachim. *Ökumenische Heiligenlexikon*. November 15, 2023, <https://www.heiligenlexikon.de/#>.



Si **SHAUNNAH YSABEL CLEDERA** ay ipinanganak at lumaki sa Naga City, Camarines Sur. Nakapagtapos siya ng masteradong digri sa Araling Pilipino sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siya sa mga tagapagtatag na miyembro ng Magpies, isang kolektibong nakatuon sa collaborative independent production. Miyembro din siya ng Women Doing Philosophy. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Department of Humanities ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños.